






| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | November 14-18, 2022 (WEEK 2) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| I.LAYUNIN | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **A. PAMANTAYANG PANGNILALAMAN** | Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling pamilya at mga kasapi nito at bahaging ginagampanan ng bawat isa | | | | |
| **B. PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Ang mag-aaral ay malikhaing nakapagpapahayag/ nakapagsasalarawan ng kahalagahan ng kinabibilangang komunidad | | | | |
| **C. MGA KASANAYAN SA PAGKATUTO** (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | **Nailalarawan ang kalagayan at suliraning pangkapaligiran ng komunidad.** | | | | ***(Lingguhang Pagsusulit)*** |
| **II. NILALAMAN** | **Pagbabago ng Sariling Komunidad sa Iba't ibang Aspeto** | | | | |
| **KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A.Sanggunian** | | | | | |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | | | | | |
| **B.Kagamitan** | Ppt. Presentation, Larawan, Tsart | Ppt. Presentation, Larawan | Lumang magasin, Pentel Pen, Pangkulay, Colored Paper, pandikit | Larawan | |
| **III. PAMAMARAAN** | | | | | |
| | **Subukin**<br><br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang Ngayon o Noon ayon sa sinasabi ng bawat kalagayang nagaganap sa isang komunidad.<br>1. Sipa, patintero at luksong tinik ang libangan ng mga bata.<br>2. Bus at dyip ang kanilang sinasakyan.<br>3. Baro at saya ang damit na isinusuot ng mga Kababaihan. | **Suriin**<br><br>Narito ang mga halimbawa ng pagbabagong naganap sa isang komunidad.<br><br>**Pagbabago sa Katangiang Pisikal**<br><br>Ang kapaligiran ng komunidad sa ngayon ay ibang- iba sa hitsura nito noon. Marami sa mga anyong lupa at anyong tubig sa kapaligiran ay nagbago. Ito ay dahil sa patuloy na pagdami ng pangangailangan ng mga mamamayan. | **Isaisip**<br><br>Panuto: Punan ang bawat patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon. | **Tayahin**<br><br>C. Panuto: Buuin ang pangungusap. Piliin ang tamang kaisipan para sa patlang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.<br>1. Noon, baro at saya ang isinusuot ng mga kababaihan. Ngayon ang kanilang isinusuot ay ______________________.<br>A. blusa at pantalon<br>B. Camisa de chino<br>C. Barong tagalog<br>D. Kimona at Saya | **UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT** |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Tinayuan ng mga gusali ang mga bundok.<br>5. Nalaman ang mga putaheng banyaga gaya ng<br>spaghetti at hamburger.<br><br>**Balikan**<br><br>Panuto: Iguhit ang puso sa iyong sagutang papel kung ito ay karaniwang batayan ng pangalan ng isang komunidad at ekis kung hindi.<br>Mga batayan sa pagbibigay ng pangalan sa komunidad<br><br>_____1. batay sa puno<br>_____2. mula sa pangalan ng halaman<br>_____3. batay sa paborito ng nanunungkulan<br>_____4. mula sa pangalan ng hayop<br>_____5. ipinangalan sa isang bagay | Kasabay nang paglaki ng populasyon ay ang paglaki din ng pangangailangan ng tao sa espayo. Bilang pagtugon, patuloy na ginagawang lugar- panirahan o panghanapbuhayan ang ilang mga anyong lupa at mga anyong tubig. Halimbawa nito ang mga anyong lupa gaya ng kabundukan na pinatag at tinatayuan ng mga gusali at mga kabahayan ,dating ilog na tinambakan at ginawang panahanan at iba pa.<br><br>Isa namang masamang pagbabago sa kapaligiran ay ang patuloy na pagdumi nito na sanhi ng iba't ibang polusyon.<br><br>**Pagbabago sa Pamahalaan**<br><br>Bago paman dumating ang mga Kastila, may sarili ng kultura, tradisyon at sistema ng pamamahala ang mga Pilipino. Ang pamahalaang ito ang gumagabay sa pang-araw-araw nilang pamumuhay. Pinamunuan ng mga Datu ang mga barangay noon at Raja o Lakan naman ang namumuno sa higit na malaking barangay. Ngayon, kapitan ang tawag sa namumuno sa isang barangay. Alkalde o Mayor naman ang tawag sa namumuno sa isang bayan o lungsod na binubuo ng mga barangay.<br>Sa paglipas ng panahon unti-unting nadagdagan ang mga namumuno gaya ng Gobernador, Kongresista, Senador at Pangulo.<br><br>**Pagbabago sa Ekonomiya**<br>Sa ekonomiya noong sinaunang panahon, ang mga tao sa isang | pananamit kapaligiran transportasyon<br>libangan pamahalaan pagkain<br><br>☞Ang (1) k_pal_gir__ ,(2) pa_ahal__an , mga (3) tra_sp_rtas_ _n ,(4) li__ang__n ,(5) pa__ka__n at (6) __ana__a__it sa komunidad ay nagbago dulot ng pagpasok ng mga makabagong impluwensiya ng teknolohiya at kulturang banyaga.<br><br>☞Kahit may mga pagbabago sa paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang komunidad marami paring kaugalian at gawi ang nananatili hanggang sa kasalukuyan. | 2. Noon, karaniwang nilalaro ang sipa bilang libangan ng mga bata. Ngayon,<br>_____________________ang kanilang libangan.<br>A. paglalaro ng Sungka<br>B. paglalaro ng Patintero<br>C. panonood ng telebisyon at paglalaro ng mga electronic gadgets<br>D. paglalaro ng Luksong tinik<br>3. Noon, datu ang namumuno sa isang barangay. Ngayon, pinamumunuan ito ng isang_____________________.<br>A. rajah<br>B. kapitan<br>C. pangulo<br>D. kagawad<br>.<br>4. Noon, mga putaheng Filipino ang karaniwang iniluluto.<br>Ngayon_____________________.<br>A. maaanghang na putahe ang kanilang niluluto<br>B. wala silang alam na putaheng banyaga<br>C. marami na silang alam na putaheng banyaga<br>D. mga kakanin lamang ang kanilang iniluluto<br>.<br>5. Noon, ang mga tao sa isang komunidad ay makakapamili lamang sa limitadong produkto na malapit sa kanila dahil sa limitadong transportasyon. Ngayon ay_____________________.<br>A. mabagal pa rin ang transportasyon<br>B. mabilis at makabago na ang transportasyon<br>C. wala ng masakyan na transportasyon | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | komunidad ay makakapamili lamang sa limitadong produkto na malapit sa kanya sapagkat limitado rin ang pasilidad sa transportasyon. Ang halimbawang ipinapakita ng mga Mangyan, Tasaday at katulad na tribo ang makakapagpatunay nito.<br>Habang ang ekonomiya ay tumatatag, bumubuti rin ang transportasyon.<br>Noon, ang mga hayop tulad ng kabayo, kalabaw, at baka ay kinakabitan lamang ng karitela, kariton o kalesa upang magamit ng mga tao sa kanilang paglalakbay sa lupa.<br>Ang mga komunidad na malapit sa mga anyong tubig ay gumagamit naman ng balsa at bangka.<br>Dahil sa pangangailangan ng ekonomiya sa mas mabilis na transportasyon, nagbago ang anyo ng mga sasakyan.<br>Nagkaroon ng riles at tren, at trambiya na isang uri rin ng tren na pinatatakbo ng koryente o enerhiya. Hindi nagtagal nagkaroon din ng mga barko, bus, kotse, traysikel at dyip.<br>Nagkaroon na rin ng maayos at matibay na daan.<br>May mga tulay, pantalan, at modernong paliparan na rin. Sa pamamaraang ito, ang bawat tao sa komunidad ay nakipag-ugnayan sa ibang tao at nakipagpalitan na ng kanya-kanyang produkto.<br><br>**Pagbabagong sosyo-kultural**<br><br>Ang pananamit ng mga tao ay isa rin sa mga nagbabago sa komunidad.<br>Baro at saya ang isa sa mga isinusuot noon ng mga | | D. mga hayop ang kanilang ginagamit sa paglalakbay | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | kababaihan. Sa mga kalalakihan naman ay camisa de chino at mahabang pang- ibaba ang isinusuot. Sa pagdaan ng panahon, nagkaroon ng iba't ibang uri ng pantaas at pang-ibabang kasuotan. Halimbawa nito ang maong na pantalon, blusa, gown at iba pa.<br>Maging ang mga pagkain sa komunidad ay marami na ring pagbabago.<br><br>Sa ngayon, napakarami na ng mga putahe ng pagkain. Sa mga komunidad sa lungsod, pangkaraniwan na ang mga pagkaing banyaga. Kabilang dito ang hamburger, pizza, spaghetti, siomai, siopao, kimchi at iba pa.<br>Nagbago rin ang libangan ng mga tao sa komunidad.<br>Simple lamang ang laro ng mga bata noon gaya ng piko, sipa, trumpo, sungka, patintero at luksong tinik.<br>Sa ngayon, napakarami ng maaaring paglibangan sa komunidad. Nariyan ang radyo at telebisyon, babasahin, sine, internet at mga electronic gadgets. | | | |
| | **Tuklasin** | **Pagyamanin**<br><br>Panuto: Isulat ang tsek sa iyong sagutang papel kung ang larawan na nagpapakita ng pagbabagong naganap sa isang komunidad at ekis naman kung hindi.<br><br>___1.   | **Isagawa**<br><br>A. Panuto: Iguhit sa iyong sagutang papel ang mga pagbabagong naganap sa iyong komunidad. Gayahin ang unang halimbawa. | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
</td>
<td>____2. <br>Ngayon Noon<br><br>____3. <br>Ngayon Noon<br><br>____4. <br>Ngayon Noon<br><br>____5. <br>Ngayon Noon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Bagay/ Pangyayari</th><th>Ngayon</th><th>Noon</th></tr>
<tr><td>transportasyon</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>kapaligiran</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>kasuotan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>pagkain</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>kalsada</td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>B.Panuto: Ilarawan ang mga pagbabago sa iyong komunidad ngayon at noon. Ipakita ito gamit ang Venn Diagram. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br>


</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>IV. MGA TALA</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>V. PAGNINILAY</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mga mag-aaral na naka-unawa sa aralin | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiya sa pagtuturo ang nakatulong ng lubos? | ● Paggamit ng ppt. presentation sa klase<br>● Paggamit ng tsart at Pangkatang Gawain | ● Paggamit ng ppt. presentation sa klase Pangkatang Gawain | ● Paggamit ng Mosaic | ● Paggamit ng timeline | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |